# Balitang Manmin

BILANG 152 MARSO 20, 2016


# “Lahat ng Bagay ay Posible Kung Tunay ang Pananampalataya!”

## “Pananampalataya” – Tema ng Pagsamba ng mga Pastor at Manggagawa para sa Taong 2016







Habang pinapakinggan ang mensahe ng Tagapagsalitang si Dr. Jaerock Lee, nagdesisyon ang mga dumalo ng pagsamba na gisingin ang mga kaluluwa sa buong mundo sa pamamagitan ng lubos na pagtitiwala, perpektong pagsunod, at katapatan ng puso bago dumating ang pagwawakas ng panahon.

Maalab na binuksan ng Manmin ang pangatlong yugto ng pagsisimula para sa taong 2016. Idinaos ang unang pagsamba noong Pebrero 7, 2016, ito ay para sa mga pastor at mga manggagawa. Inihatid ng tagapagsalitang si Dr. Jaerock Lee ang mensahe na may titulong “Pananampalataya”.

Dumalo sa pagsamba ang mga pastor, mga Levita (mga manggagawa ng iglesya), mga elder, mga punong diakonesa, mga diakono, mga bagong diakonesa, ang Esther (grupo ng mga asawa ng mga pastor), at grupo ng mga tagapanalangin. Dumalo din sa pagsamba ang mga masusugid na miyembro ng mga sangay na iglesya ng Manmin sa Masan, Chuncheon, Gwangju, Yeosu, Iksan, Daejeon, Muan, Gumi, at Daegu. Naibrodkast ng GCN at napanood din sa internet ang pagsamba.

Sinabi ni Dr. Lee na ang paborito niyang salita ay ‘pananampalataya’. Sinabi din niya na kung may pananampalataya ang isang tao kahit parang imposibleng mangyari ang isang bagay, magiging posible ito. Binanggit niya ang tatlong bagay na nagpapakita ng tunay na pananampalataya: lubos na pagtitiwala, perpektong pagsunod, at tapat na puso. Hinikayat niya ang buong kongregasyon na kilalanin nang mabuti ang Diyos para maranasan nila ito sa buhay nila sa pamamagitan ng pananampalatayang nagiging posible ang mga imposibleng bagay, na maging mga dakilang instrumento sila na karapat-dapat tumupad ng kalooban ng Diyos sa panahong magwawakas na.

Sa pagsambang ito, nagdesisyon ang mga dumalo na tutuparin nila ang kalooban ng Diyos para sa pagwawakas ng panahon.

Noong Hulyo 25, 1982, inihandog ng Manmin Central Church ang kauna-unahang pagsamba. Labintatlo ang mga miyembro noong panahong iyon at ang unang mensahe ay “The Treasure of Treasures Is Faith”. Magmula noon, sa loob ng 33 taon, sumulong ang iglesya ng may pananampalataya. Malaking iglesya na ito ngayon, may humigit-kumulang 10,000 sangay at katuwang na iglesya. Sa taong ito, ika-34 taon, muling nagsimula ng may pananampalataya ang iglesya, maalab nilang inilunsad ang pangatlong yugto.

Sa taong 2016, magpapatuloy ang mga miyembro ng Manmin, tulad ng dati, sa pagmamahal nila sa Diyos at paglalakad sa Liwanag. Hindi nila aalalahanin ang mga karamdaman at kalamidad. Tatamasahin nila ang kapayapaan at kaligayahan sa Panginoon, at tatanggapin nila ang mga biyaya para sa kanilang mga pamilya, lugar ng trabaho, at negosyo. Masisiyahan sila sa pangkalahatang mga biyaya at lalago ang pananampalataya nila. Bukod dito, magiging mas malawak ang ministeryo ng Manmin, magdadala sila ng hindi mabilang na kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan.

# Pagpupulong na may Panyong Nakakapagpagaling sa Nairobi Manmin Holiness Church sa Kenya

Idinadalangin ng mga misyonero ng Manmin Central Church ang kanilang mga miyembro gamit ang panyo na pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee. Kapag ginagawa nila ito, gumagaling ang mga miyembro mula sa lahat ng klase ng karamdaman, kahinaan, at nakakaranas ng kamangha-manghang kapangyarihan (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Ang Nairobi Manmin Holiness Church sa Kenya ay ang lugar na pinagtitipunan ng mga may kinalaman sa ministeryo sa Africa. Sa iglesyang ito, nagdadaos ng pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling bawat buwan. Noong Enero 24, 2016, nagdaos ng pagpupulong, nang manalangin ng may panyo si Bishop Dr. Myongho Cheong, Tagapangulo ng United Holiness Church of Jesus Christ, halos 180 taong maysakit na nagrehistro ang gumaling. Niluwalhati nila ang Diyos.

Bago magsimula ang pagpupulong, dinala sa iglesya si Kapatid na Charo, 65 taong gulang. Pagkatapos maoperahan para sa kanser sa prostate dalawang taon na ang nakaraan, palagi siyang naiihi, nangyayari ito sampung beses sa isang araw. Nang tanggapin niya ang panalanging may panyo, gumaling siya. Magmula noong anim na taong gulang si Kapatid na Susan, 35 taong gulang, binabangungot na siya. Pero pagkatapos ipanalangin, nakalaya siya mula sa masasamang espiritu. Naluwalhati ang Diyos sa napakaraming hindi pangkaraniwang pagkilos ng Banal na Espiritu.

Dahil sa makapangyarihang panyo na pinanalanginan ni Dr. Lee, naipapakita ngayon ang kapangyarihan ng Diyos at marami ang nakakatagpo sa pag-ibig Niya, naliligtas sila.





Dahil sa panalangin ni Bishop Dr. Myongho Cheong (itaas, kanan), gamit ang panyo, gumaling sina Kapatid na Charo, (Charo at Mary, itaas, gitna), at si Kapatid na Susan ay nakalaya mula sa masasamang espiritu (ibaba).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili. Laban sa mga ito ay walang kautusan." (Galacia 5:22-23)

## Siyam na Bunga ng Banal na Espiritu (8)

# Kaamuan

Kadalasan, sinasabing maamo ang isang tao kung malumanay at mahinahon. Pero ang espirituwal na kaamuan na kinikilala ng Diyos ay hindi lang malumanay at mahinahon. Bilang isa sa mga bunga ng siyam na bunga ng Banal na Espiritu, paano tayo magbubunga ng 'kaamuan'?

### 1. Mayroong pusong umuunawa at kumakalinga sa ibang tao

Ang Espirituwal na kaamuan ay may kasamang karunungan, may kakayahan itong kumilala ng tama at mali. Inuunawa at tinatanggap nito ang lahat ng tao dahil hindi masama ang mga taong tulad nila. Ibig sabihin, dalisay ang kagandahang-loob niya, at malumanay at mahinahon siya. Kung espirituwal ang kagandahang-loob ninyo, ipapakita din ninyo ang dignidad ninyo kung kinakailangan, hindi kayo palaging malumanay at mahinahon.

Malambot ang kalooban ng taong maamo, parang bulak. Kung babatuhin ng bato o tutusukin ng karayom ang bulak, babalutin lang ng bulak ang bato at karayom. Tulad nito, kahit anong klase ang pagtrato ng tao sa kanila, hindi magtatanim ng sama ng loob ang taong maamo. Ibig sabihin, hindi siya magagalit o maiilang. Hindi rin niya sinasadyang galitin ang ibang tao. Hindi siya nanghuhusga o nanghahatol, iniintindi at tinatanggap niya ang ibang tao.

Mapapalagay ang kalooban ng iba sa taong tulad nito, mapapahinga sila sa kanya. Katulad nila ang malaking puno na maraming sanga, dumadating ang mga ibon para magpugad at mamahinga sa mga sanga niya.

Halimbawa, kinilala ng Diyos ang kaamuan ni Moises. Sinasabi ng Mga Bilang 12:3, "Ang lalaki ngang si Moises ay napakaamo, higit kaysa lahat ng lalaki sa ibabaw ng lupa." Ang bilang ng mga anak ni Israel ay mahigit sa 600,000 kalalakihan. Kung isasama ang mga kababaihan at mga bata, ito ay mahigit sa 2 milyon. Napakahirap pamahalaan ng ganito karaming tao para sa isang ordinaryong tao lang. Nagreklamo at lumaban ang mga Israelita kay Moises kahit nagpakita siya ng dakilang kapangyarihan. Makikita natin kung gaano kaamo si Moises sa pamamahala niya sa mga tao sa disyerto sa loob ng 40 taon.

Sinasabi ng Mateo 5:5, "Mapapalad ang mga mapagpakumbaba, sapagkat mamanahin nila ang lupa." Hindi sinasabi dito na magmamana kayo ng kapirasong lupain dito sa mundo. Ang ibig sabihin nito ay kung maamo kayo, magkakaroon kayo ng lupain sa Langit.

Hindi ninyo madadala sa Langit ang malalaking lupain ninyo dito sa mundo. Pero kung tatanggap kayo ng lupain sa langit dahil naging maamo kayo, pangwalang-hanggan ang pamanang ito. Sa lugar na iyon, pwede kayong magsaya kasama ang Panginoon at ang mga taong minamahal ninyo.

### 2. Ang espirituwal na kaamuan ay tulad ng mabuting lupa

Sa Espirituwal na diwa, ang pusong maamo ay itinutulad sa mabuting lupa. Kung masama ang isang tao, matigas ang puso niya, parang lupang nasa tabing-daan, hindi nito matanggap ang katotohanan. Kahit marinig niya ang katotohanan at tanggapin ang pagpapala ng Diyos, may pagdududa pa rin siya, mawawala ang pagpapalang tinanggap niya, tatalikuran niya ito dahil mas gusto niyang makamit ang mga makamundong bagay. Pero pwede pang maging mabuting lupa ang pusong ito kung magiging masigasig tayo na baguhin ito.

Kung masipag magbungkal ng lupa ang isang magsasaka, pwedeng maging mabuting lupa ang tuyong lupa. Kung pwedeng baguhin ang katangian ng lupa, gayon din naman ang puso ng tao. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos magbabago ito.

Kahit matigas ang puso at tulad ng lupa na nasa tabing-daan, pwede itong bungkalin ng Banal na Espiritu. Sa sandaling iwaksi mula sa puso ang kasamaan magiging maamong puso ito. Magiging maamo din ang mga pusong puno ng inggit, selos, pagaalitan, at iba pang kasamaan. Habang hinuhubog ninyo ang mga puso ninyo sa ganitong paraan, mas magbubunga kayo ng kaamuan.

Hindi basta magbabago ang puso ninyo dahil tinanggap ninyo ang Banal na Espiritu. Dapat din kayong maging masigasig. Dapat kayong palaging manalangin ng maalab, mag-isip, magsalita, at kumilos kayo ayon sa katotohanan tungkol sa lahat ng bagay. Huwag kayong hihinto ng ilang linggo o ilang buwan, magsikap hanggang sa huli. Isasaalangalang ng Diyos ang kasipagan ninyo, bibigyan Niya kayo ng pagpapala at kapangyarihan, at tutulungan kayo ng Banal na Espiritu.

Habang hinuhubog ninyo ang puso ninyo para maging mabuting lupa, magbubunga din kayo ng iba pang bunga ng Banal na Espiritu. Kaamuan ang may pinakamalapit na relasyon sa pagpapabuti ng lupa. Hindi kayo magiging maamo kung hindi ninyo iwawaksi ang init ng ulo, galit, inggit, kasibaan, pagaalitan, pagyayabang, pagmamalinis, at iba pa. Kung mayroon kayong mga katangiang tulad nito, hindi kayo kagigiliwan ng ibang tao.

Ito ang dahilan kung bakit mas malapit ang relasyon ng kaamuan sa pagpapabanal kaysa sa ibang bunga ng Banal na Espiritu. Kung espirituwal ang kaamuan ninyo, tatanggapin ninyo ang kasagutan sa kahit na anong hilingin ninyo. Parang nag-ani kayo ng masarap na bunga kapag itinanim ninyo sa mabuting lupa. Maliwanag din ninyong maririnig ang tinig ng Banal na Espiritu kaya sasagana kayo sa lahat ng bagay.

### 3. Espirituwal na kaamuan at dalisay na kabutihang-loob

Una sa lahat, ang dalisay na kabutihang-loob ay naipapakita sa marangal at disenteng pagkilos. Ang mga taong palaging mahinahon at mali ang pag-intindi ay hindi tumatanggap ng ibang tao. Pero mamaliitin sila at gagamitin ng iba. Tulad nito, ang mga maamo at may dalisay na kabutihang-loob ay may tamang pamantayan ng paghatol. Ginagawa nila kung ano ang matuwid dahil batid nila kung ano ang tama at kung ano ang mali.

Nang linisin ni Jesus ang Templo at pagsabihan ang pagpapakitang-tao ng mga Fariseo at mga eskriba, naging mahigpit Siya pero napasunod Niya ang mga tao. Maamo ang puso Niya, hindi Niya 'babaliin ang sugatang tambo o papatayin ang nagbabagang mitsa', pero malupit Niyang pinagsabihan ang mga tao nang kailanganin. Kung mayroong dignidad at katuwiran ang puso ninyo, hindi kayo mamaliitin ng mga tao kahit hindi kayo sumigaw o maging mabagsik.

Ang panlabas na anyo ng isang tao ay may kinalaman din sa pagtulad sa tamang pagkilos ng Panginoon at ang perpektong gawain ng pisikal na katawan. Ang isang taong malinis at dalisay ay may dignidad, kapangyarihan, at mahalaga ang mga sinasabi; hindi siya basta na lang nagsasalita ng mga walang kabuluhang bagay. Nagbibihis siya ng akma sa bawat okasyon. Malumanay ang mukha niya, hindi bayolente o walang sigla. Ang isang taong dalisay at may bukas na kalooban ay gagawin nang matuwid ang lahat ng bagay, iniisip niya kung paano mapapalagay ang kalooban ng ibang tao.

Ang dalisay na kagandahang-loob ay nagpapakita din ng awa at pakikiramay. Hindi lang ang mga nangangailangan ng tulong pampinasyal ang tinutulungan nila, kundi pati ang mga mahina at pagod ang espiritu. Inaaliw nila ang mga ito, binibigyan ng pagpapala.

Halimbawa, may isang mananampalatayang nagdurusa mula sa pag-uusig dahil sa pananampalataya. May mga lider na nakikiramay, pero walang ginagawa. Sa kabilang banda, may mga lider na nagpapalakas ng loob niya, tumutulong sila sa kanya ayon sa situwasyon. Kapag isinagawa ang dalisay na kaamuan na nasa kalooban, magbibigay ito ng pagpapala at buhay sa ibang tao.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, kapag hindi nangyayari ang mga bagay ayon sa kagustuhan nila, may mga taong magsasabi, "Hindi ko mapigilan, ganito na ako ipinanganak." Pero hindi dapat ito sinasabi ng mga nananampalataya sa Diyos. Pwede nating baguhin ang mga katangian at kalooban natin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Kahit ang init ng ulo, pagyayabang, at pagmamalinis ay pwedeng baguhin para maging maamo at dalisay kung iwawaksi ang kasamaan at huhubugin ang puso. Kahit ang mga kimi at mahiyain ay magiging matapang at maganda ang kalooban, makakatulong sila sa maraming tao.

Umaasa ako na masigasig ninyong huhubugin ang mga puso ninyo, magbubunga ng magandang bunga ng kaamuan para maging mga dakilang sisidlan kayo tulad ni Moises.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Paraan para Tumanggap ng Biyaya, 'Pusong Hindi Nagbabago'

Ang isang tao ay sinasabing matatag at matibay kapag hindi siya nagbabago at ang puso niya ay hindi paiba-iba sa ginagawa niya. Nagpakita ng hindi nagbabagong pag-ibig at mabubuting gawa ang ilang tao sa Biblia sa magkakaibang situwasyon. Nalugod ang Diyos sa pananampalataya at gawain nila, pinatnubayan Niya ang mga ito sa daan patungo sa mga kasagutan at biyaya. Kapag nakamit natin ang pusong hindi nagbabago magiging masagana tayo sa lahat ng oras.

## Pinaglingkuran ni Ruth ang biyenan niyang babae, hindi dahil tungkulin niya ito kundi dahil minamahal at tapat siya dito

1

Si Ruth ay isang babaing Hentil. Namatay ang asawa niya, hindi sila nagkaroon ng anak. Pinaglingkuran niya ang biyenan niyang babae nang puspusan dahil minamahal niya ang Diyos. Dahil dito, pinagpala siya ng Diyos. Para sa kanya, ang paglilingkod sa biyenan niya ay hindi lang basta tungkulin, naglingkod siya dito ng may pag-ibig at katapatan. Dahil sa patnubay ng Diyos sa kanya, pinagpala siyang makasama sa salinlahi ni Haring David, nasa talaan siya ng talaangkanan ni Cristo.

Suriin ninyo ang mga puso ninyo. Nagpapasalamat din ba kayo kapag hindi maganda ang nangyayari sa inyo tulad ng pagpapasalamat ninyo sa mabubuti? Lumalapit ba kayo sa isang tao kung makikinabang kayo sa kanya at nilalayuan siya kung hindi? Tingnan natin ang ating sarili, pagsikapan nating paglingkuran at ibigin ang lahat ng tao ng walang pagbabago.

## Kahit pinagtangkaang patayin ni Saul si David, naging mabuti si David sa kanya, minahal niya ito

2

Nainggit si Haring Saul kay David dahil minahal ito ng mga tao. Tinugis niya si David, kasama ang tatlong libong kawal para patayin, nakatakas ito. Gayon pa man, hindi nagbago ang paglilingkod ni David kay Saul bilang hari, naantig ang puso ng hari sa kabutihan nakita niya, nagsisi siya (1 Samuel 24).

Nalugod ang Diyos kay David, pinagpala Niya ito at ginawang hari ng nagkakaisang mga kaharian ng Israel. Suriin natin ang ating mga sarili. Makakaya ba nating maging mabuti at magmahal tulad ni David sa mga gumagawa ng masama sa atin? May mga taong tinatamad at nawawalan ng ganang maglingkod sa taong pinaglilingkuran nila kapag hindi napahalagahan ang paglilingkod nila. Dapat nilang iwaksi ang kaloobang tulad nito sa pamamagitan ng maalab na pananalangin, hilingin nila ang pagpapala at kalakasan mula sa Diyos.

## Nanampalataya si Daniel kahit itinapon siya sa lungga ng mga leon, nanampalataya ang tatlong kaibigan niya nang itapon sila sa naglalagablab na hurno

3

Itinapon si Daniel sa yungib ng mga leon dahil sa pakana ng masasamang tao. Hindi siya nagreklamo laban sa Diyos, hindi niya pinagssisihan ang ginawa niya, at hindi niya sinisi ang ibang tao. Nasa isipan niya na ang pananampalataya sa Diyos ay mas mahalaga kaysa sa sariling buhay niya. Sa huli, iningatan siya ng Diyos sa lungga ng mga leon, at mas minahal siya ng hari (Daniel 6).

Hindi rin sinunod ng tatlong kaibigan ni Daniel ang utos ng hari na yumukod sa harapan ng gintong diyus-diyosan. Itinapon sila sa naglalagablab na hurno. Hindi sila nagbago ng kalooban hanggang sa huli, nanatili silang tapat. Dahil sa katapatan nila, ni hindi sila nasunog, sa halip pinagpala at kinilala ang katapatan nila (Daniel 3).

Kung hindi nagbabago ang puso natin, hindi natin lalabagin ang batas ng Diyos. May mga taong nabibigo, at nagbabago ang pananampalataya kapag mabagal dumating ang mga sagot sa ipinapanalangin nila. Dapat nilang tandaan na dapat silang maging mapagpasalamat dahil sa pagpapalang kaligtasan na ibinigay sa kanila.

## Tinupad nina Jefta at Ana ang pangako nila sa Diyos

4

Para magkaroon ng pusong hindi nagbabago, mahalagang tuparin kung ano ang ipinangako (Santiago 3:2). Dapat tayong maging maingat at mahinahon sa pagbitiw ng pangako sa Diyos. Sa sandaling mangako tayo, dapat natin itong sundin. Tinupad ni Jefta ang ipinangako niya sa Diyos kahit nangangahulugan itong pagsakripisyo sa nag-iisang anak niyang babae (Mga Hukom 11).

Naghandog din ng pangako sa panalangin (panata) sa Diyos si Ana, biniyayaan siya ng anak (1 Samuel 1:11). Nang ipanganak na niya ang anak niyang si Samuel, inihandog niya ito sa Diyos tulad ng ipinangako niya. Hindi siya nag-alinlangan o nalungkot. Nagpasalamat pa nga siya sa pagpapala ng Diyos na sumagot sa panalangin niya, naghandog siya ng papuri at pagpapasalamat. Nalugod ang Diyos sa ginawa niya, binigyan Niya ito ng tatlo pang anak na lalaki at dalawang anak na babae.

## Hindi nagbago si Apostol Pablo sa pagmamahal niya sa Panginoon hanggang sa maging martir siya

5

Masugid sa pagsunod ng Kautusan si Apostol Pablo, marami siyang nalalaman tungkol dito. Noong hindi pa niya batid ang tungkol sa kalooban ng Diyos sa kaligtasan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, tinugis niya ang mga Cristiano para ikulong. Pero, ayon sa kalooban ng Diyos, nakilala niya ang Panginoon, nagbagong-buhay siya.

Pagkatapos niyang makilala ang Panginoon, inibig na niya ito, hindi na nagbago ang pag-ibig niya dito kahit dumaan siya sa mga pag-uusig, paghihirap, pagsubok, at mga banta sa buhay (2 Mga Taga-Corinto 11:23-27). Hanggang sa maging martir siya, nagbahagi siya ng ebanghelyo sa mga Hentil, hindi nagbago ang kasipagan at pag-ibig niya, hinatid niya ang hindi mabilang na mga tao sa daan patungo sa kaligtasan. Naging mahalaga siya sa Langit.

Hindi nagbago ang espirituwal na pananampalataya niya. Sa paglipas ng panahon, nagbabago ang ibang tao sa paggawa ng mga tungkulin na ibinigay sa kanila ng Diyos, nanlalamig sila sa unang pag-ibig. Kung mayroon kayong tapat na puso, mas lalalim ang pag-ibig ninyo sa Diyos. Gagampanan ninyo ng buong katapatan ang mga responsibilidad ninyo hanggang sa kamatayan. Ibibigay ninyo ang buhay ninyo tulad ng ginawa ni Apostol Pablo.

## Hindi nagbago ang pag-ibig ni Maria Magdalena sa Panginoon kahit ano ang situwasyon

6

Naglingkod si Maria Magdalena kay Jesus, ibinigay niya ang lahat para mapaglingkuran Siya. Kahit hindi siya nakilala ni Jesus, nagpasalamat siya kapag nakakapaglingkod siya sa Kanya. Nagbigay siya ng mabangong samyo ng kabutihan, hindi siya humingi ng kapalit. Naantig ang puso ni Jesus sa pag-ibig niyang tulad nito.

Sumunod si Maria kay Jesus ng ito ay kaawa-awang ipinako sa krus. Pagkatapos mailibing, nagpunta siya sa libingan ng madaling araw, pinagpala siya dahil siya ang unang nakakita sa Panginoon ng Siya ay muling nabuhay.

Sa panahong ito na malapit ng magwakas, ibinubuhos ng Diyos ang Banal na Espiritu ayon sa kalooban Niya. Maraming beses nating naranasan ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Dapat tayong magkaroon agad ng tapat na kalooban na may katiyakan sa pananampalataya at maging mga anak ng Diyos na hindi nagbabago ano man ang mangyari.

# "Masaya na Ako Ngayon!"

## Gumaling ang asawa ko mula sa epekto ng 'stroke', at ang anak kong babae mula sa depresyon



Kapatid na Zhoumanzhi, 62 taong gulang, kasama ang asawa niya, Taiwan Manmin Church

Parang basag na salamin ang pamilya ko noon. Malaking pera ang kinita ng asawa ko, pero mas malaki pa sa kinita niya ang gastos namin. Nagkaproblema kami sa pera, palagi naming pinag-aawayan ito. Dahil dito, naghiwalay kami. At mas malala pa dito, nagkaroon ng depresyon ang pangalawa kong anak na babae, tulog siya buong araw, at gising buong gabi, naglalaro ng computer.

Pakiramdam ko, nakatayo ako sa gilid ng bundok. Samantala, habang nangyayari ito, may isang babaing nagmungkahi sa akin na dumalo ako sa Taiwan Manmin Church. Hindi ako interesado pero nang sabihin niyang, "Sa sandaling dumalo ka sa simbahang iyon, hindi ka na maghahanap ng iba pang simbahan," naisip kong subukan.

Noong Nobyembre 2009, dumalo ako sa Taiwan Manmin Church, mainit ang pagtanggap sa akin doon. Ipinaliwanag sa akin ni Pastor Kyunghee Kim ang kahalagahan ng pananampalatayang Cristiano at ng Biblia base sa mga sermon ni Dr. Jaerock Lee na "The Message of the Cross", "Spirit, Soul, and Body", at "Heaven". Naintindihan ko ito ng maliwanag, nadama ko kung ano ang tunay na pananampalataya.

Noong Abril 2011, na-'stroke' ang asawa kong namumuhay ng nakahiwalay sa akin. Hindi siya makapaglakad ng maayos, hindi rin maintindihan ang pagsasalita niya. Inalagaan ko siya, nagtrabaho ako para magkapera kami, napagod ang puso at katawan ko. Ipinakita ni Pastor Kim at ng mga miyembro ng iglesya ang pagmamahal at pagkalinga sa akin. Pinalakas nito ang kalooban ko at pinasaya ako.

Pumunta sila sa ospital kung saan ginagamot ang asawa ko, mainit ang pagtrato sa kanya ng mga kalalakihang miyembro ng iglesya. Kapag umiiyak na ako dahil sa paghihirap, pinapasaya ako ni Pastor Kim sa pamamagitan ng Salita ng katotohanan.

Pinakinggan ko ang mga mensahe ng Punong Pastor Dr. Lee sa GCN (www.gcntv.org), sinimulan kong magbalik-tanaw sa naging buhay ko noon. Pinagsisihan ko ang galit ko sa asawa ko, sinikap kong mapatawad siya at mahalin ng taos-puso. Dumalo ako sa iglesya, idinalangin ko ng may pagmamahal araw at gabi ang asawa ko at ang anak kong babae.

Noong Marso 2012, nagsimulang sagutin ng Diyos ang mga dalangin ko. Sumasama na sa iglesya ang anak kong babae, at pagkatapos ng dalawang buwan, pinauwi na mula sa ospital ang asawa ko at nagsimula ding dumalo sa iglesya. Bukod dito, tumanggap siya ng pagpapala sa mensahe, gumaling na siya dahil sa panalangin para sa maysakit ng punong pastor. Nakakagalaw na siya ng maayos at nakakapagsalita na ng normal. Hallelujah!

Gumaling na rin mula sa depresyon ang pangalawang anak kong babae, nagtatrabaho na siya at nananalangin. Naglilingkod din siya ng boluntaryo sa iglesya. Wala na akong alalahanin tungkol sa pamilya ko ngayon. Punung-puno ako ng pagpapala at pag-ibig mula sa Diyos, hindi ako makapaniwala na naging ganito ako kasaya.

Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay ibinibigay ko sa Diyos na nagpagaling at nagbigay ng bagong buhay sa mga miyembro ng pamilya ko. Binigyan din Niya kami ng pag-asa sa walang hanggang buhay sa Langit.

# "Kung Alam Ko Lang na Ganito Ito Kabuti, Noon pa Sana Ako Dumalo sa Iglesya"

Diakono Taesung Chung, 72 taong gulang, Chuncheon Manmin Church, South Korea



Naging malungkot ang buhay ko mula ng mamatay ang anak kong lalaki. Noong Marso 2015, dahil sa walang patid na panghihikayat ni Diakonesa Myungsoon Kim na asawa ng kaibigan ko, dumalo ako sa Chuncheon Manmin Church. Hindi ko alam kung ano ang pinaniniwalaan nila pero naantig ang puso ko ng mahusay na pagtuturo at tapat na pagmamahal sa mga miyembro ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Nagtiwala ako na sasamahan niya ako palagi at nananalangin para sa akin. Pinalakas nito ng kalooban ko at pinasaya ako.

Noong Agosto 2015, sumama ako sa retreat sa tag-init ng Manmin para sa taong 2015. nakita kong gumaling ang mga tao mula sa mga karamdaman nila dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Kahit nagbabala tungkol sa matinding init ng panahon sa buong bansa, malamig ang simoy ng hangin doon. Nagbago ang kalooban ko sa naranasan kong kamangha-manghang bagay na ito.

Noong Setyembre 20, 2015, natumba ako habang may hawak na baso. Nasugatan ang mga ugat at litid ng kaliwang kamay ko. Pinaoperahan ko ito sa Seoul Joongang Hospital, pero imposibleng mabawi ang dating lakas nito ayon sa doktor. Walang pakiramdam ang kamay kong ito, hindi ko maitiklop ang mga daliri ko, pero nagtiwala ako na pagagalingin ito ng Diyos. Ni hindi ako nagalala.

Noong Oktubre 4, nagpunta ako sa Seoul para tanggapin ang panalangin ng punong pastor. Nawala ang pananakit ng kamay ko. Kinausap ako ng punong pastor tungkol sa pagsasaka ko sa bukid, at sa hindi ko pagsunod sa araw ng Sabbath, pinayuhan niya ako. Magmula noon, sinimulan kong maghandog ng pagsamba at panalangin tuwing pagsamba ng Linggo ng gabi. Noong Oktubre 27, dumalo ako sa ika-12 anibersaryong pagsamba ng Gangneung Manmin Church, tinanggap ko ang panalanging may panyo ni Rev. Heesun Lee, Tagapatnubay na Pastor para sa buong mundo. Pagkatapos ng panalangin, nawala lahat ng pananakit, naigalaw ko na ang mga daliri ko (Ang Mga Gawa 19:11-12). Mabilis naibalik sa normal ang mga ugat at litid ko.

Noong buwan ng Nobyembre, sinimulan kong wisikan araw-araw ng Muan Sweet Water ang buhok ko, may kasamang pananalangin at pag-asa (Exodo 15:25). Maraming buhok ang tumubo, naging itim. Masayang-masaya ako, parang naging bata akong muli. Naoperahan ako noon sa bituka, limang taon na ang nakaraan. Magmula noon, nagdusa na ako mula sa impatso, pero nang inumin ko ang Muan Sweet Water, gumaling ako. Nadulas din ako noon sa yelo, nabagok ang ulo ko. Magmula noon, nawala na ang pangamoy ko. Pero noong Enero 16, 2016, nakaamoy ako ng sopas at patani na ibinabad sa suka. Nakakamangha ito, pumunta ako sa kusina, sinubukan kong amuyin ang sesame oil, naaamoy ko na ito. Bumalik na ang pangamoy ko pagkatapos ng 26 na taon. Hallelujah!

Labis akong nagpapasalamat dahil nakita ko ang mabuting iglesyang ito, Nakakapamuhay na ako ngayon ayon sa pagpapala ng Diyos. Damang-dama ko ang pagiging malaya at magaan dahil pinagsisihan ko ang lahat ng kasalanan ko sa nakalipas na 70 taon sa pulong-panalanging Daniel at mga pagsamba sa madaling araw. Habang nagbabago ako, masayang-masaya ang mga anak ko. Nagpapasalamat ako sa Diyos dahil sa ibinibigay Niyang maraming pagpapala.

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714